

TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 2020 - 023
Serye 2020

KAUTUSANG NAGTATAKDA NG MGA ALITUNTUNIN PARA SA PAGPAPATUPAD NG "MODIFIED ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE (MECQ)" SA BAYAN NG BULAKAN SIMULA IKA-16 HANGGANG IKA-31 NG MAYO, 2020.

Ipinag-uutos ng Pang-Ehekutibong Kautusan na ito ang mga sumusunod:

TUNTUNIN 1. PAGTATAKDA NG PANAHOON. Alinsunod sa pahayag ng Lubos na Iginagalang Rodrigo Roa Duterte, Pangulo ng Republika ng Pilipinas, para sa pangangalaga ng mga mamamayan laban sa Novel Corona Virus Disease 2019 (COVID-19) na nakapaloob sa bagong pinagtibay na Resolution No. 37 ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF) na may petsang Mayo 15, 2020, ay kabilang ang Bayan ng Bulacan sa idineklarang sasailalim sa "Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ)" simula ika-16 hanggang ika-31 ng Mayo 2020.

TUNTUNIN 2. PAGPAPALIWANAG. Ipinaliwanag ng IATF ang **Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ)** na *"refers to the transition phase between ECQ and GCQ, when these temporary measures are relaxed: stringent limiting movement and transportation of people, strict regulation of operating industries, provision of food and essential services, and heightened presence of uniformed personnel to enforcement community quarantine protocols become necessary"*.

TUNTUNIN 3. MGA ALITUNTUNIN. Base sa SECTION 3 ng Omnibus Guidelines na ipinalabas ng IATF tungkol sa Modified Enhanced Community Quarantine, ang mga sumusunod na alituntunin ay iniaatas na sundin:

1. Ang mga taong may edad 21 pababa at mga may edad 60 pataas, buntis at iba pa lalo't higit ang mga may dati ng karamdaman ay hindi pinapayagang lumabas ng tahanan, maliban kung "emergency case" at hinihingi ng pagkakataon.
2. Pinayagan na magbukas ang mga negosyo, tulad ng construction materials, gamot, pagkain at mga manufacturing industries at mga opisina, subalit kailangang sundin ang 75% ng pagpapasok ng tauhan at sumunod sa mga naunang paalala, tulad ng pagsusuot ng face mask at social distancing.
3. Ang lahat ng Tanggapan ng Pamahalaan ay mananatili sa "Skeleton Workforce", alinsunod sa alituntunin na ipinalabas ng Civil Service Commission.
4. Ang mga sektor o industriya ay papayagan nang muling magbukas:

- a.) **Category I Industries** - Agriculture, fishery, food, public market businesses tulad ng supermarkets, grocery stores, food preparation as take-out and delivering services, health related, logistic, information, telecommunication companies, and media are on full operational capacity.
 - b.) **Category II Industries** - Mining and other manufacturing, export-oriented & electronic commerce companies, delivery, repair and maintenance, and housing and office services, 50% up to full operational capacity, without prejudice to work from home and other alternative work arrangement.
 - c.) **Category III Industries** - Financial services, BPO, legal and auditing services, professional, scientific, technical, and other non-leisure service, and non-leisure wholesale and retail establishment.
5. Limitadong pagbubukas ng malls and shopping centers, kung saan ay papayagan lamang kung hindi magbubukas ang leisure establishment and services, at tatalima sa ipinatutupad na alituntunin ng Department of Trade and Industry (DTI).
 6. Kinakailangang pampubliko at pampribadong construction projects, tulad ng sewerage, water facilities, digital works at health facilities, at;
 7. Hindi pinapahintulutang magbukas: amusement, gaming, and fitness establishments, barber shop, massage parlor, spa, at iba pang kauri nito, kids and tourism industries, Category IV industries na nakapaloob sa DTI Issuances.
 8. Hindi pinapahintulutang magbukas: hotels, pension house, motels or similar establishment, maliban kung tatanggap ng mga sumusunod:
 - a.) Existing booking accommodations for foreigners as of May 1, 2020
 - b.) Existing long-term bookings
 - c.) Distressed OFW and stranded Filipinos or foreigner nationals
 - d.) Repatriated OFW
 - e.) Non-OFW – undergo mandatory facility-based quarantine
 - f.) Healthcare workers and employees from exempted establishments under Omnibus Guidelines and applicable memo from the executive Secretary
 9. TRANSPORTASYON. Ayon sa Executive Order No. 18 may petsang Mayo 15, 2020 ni Punong Lalawigan, Igg. Daniel Fernando. Nanatiling hindi pinapayagan ang mga pampublikong sasakyan maliban sa mga traysikel, alinsunod sa mga panuntunan:
 - 9.1. Pinapayagang magbiyahe ang mga traysikel sa kondisyong isa (1) lamang ang pasahero sa bawat biyahe.
 - 9.2. Sumunod sa mga naunang panuntunan tulad ng pagsusuot ng face mask, social distancing, may plastic sa pagitan ng drayber at pasahero.
 - 9.3. Ang mga traysikel na papasada ay 50% lamang ang dami sa bawat TODA, ito ay may pagkakakilanlan na sticker sa harap, PULA at PUTI), na naaayon sa MARKET DAY na nakasaad sa mga naunang kautusan.

- 9.4. Ang mga pribadong traysikel ay hindi pinapayagang lumabas o magbiyahe maliban kung ang sakay nito ay frontliner o emergency.
10. CURFEW HOUR. Patuloy pa rin ang pagpapatupad ng CURFEW HOUR simula ika-8:00 NG GABI hanggang ika-5:00 NG UMAGA, sa lahat ng mamamayan, maliban sa mga, kawani ng mga tanggapan, drayber at mga magtitinda o mamimili ng kanilang kalakal sa ibang bayan o lalawigan, mga nagtatrabaho sa iba't-ibang tanggapan at mga nagnenegosyo.
11. MARKET DAY. Ang PAMPUBLIKONG PAMILIHAN ay bukas at magsisimula ng LUNES hanggang SABADO, mula ika-5:00 ng umaga hanggang ika-5:00 ng hapon. Maliban lamang kung araw ng LINGGO ay DISINFECTION DAY, ayon sa nakaraang kautusan.
12. Ang mga kalakalan ay pinahihintulutan na magbukas araw-araw, tulad ng Puregold, Mercury Drug, Fred & Del, Alfamart, Seven Eleven (7/11) at iba pang kauri nito, ngunit kailangan sumunod sa mga naunang paalala at kautusan maliban sa oras na itinakda ng kanilang mga employer o may-ari/tagapamahala nito. Mula ika-7:00 ng umaga hanggang ika-7:00 ng gabi.
13. Lahat ng mga may-ari ng sari-sari store sa lahat ng Barangay ay pinahihintulutan magbukas simula ika-5:00 ng umaga hanggang ika-3:00 ng hapon, ngunit mahigpit din ipatutupad ang pagsusuot ng face mask at social distancing. Gayundin, ang pagbabawal ng pananatili o mag-standby sa harap ng mga tindahan o sari-sari store ng mga mamimili nito.
14. LIQUOR BAN. Ang pagtransport, pagbebenta at pag-inom ng intoxicating beverages, tulad ng alak at kahalintulad nito ay pinapayagan alinsunod sa Section 21, EO 18 s. 2020 ni Punong Lalawigan Igg. Daniel Fernando:
- 14.1. Ang pagbebenta ng alak, transport at delivery ay mula ika-12:00 ng tanghali hanggang ika-3:00 ng hapon lamang.
- 14.2. Mahigpit na ipinagbabawal ang pag-inom ng alak sa harap ng sari-sari store o tindahan sa mga barangay.
- 14.3. Pinapayagan ang pag-inom o pag iinuman ng alak kung ito ay nasa loob ng tahanan.
- 14.4. Ipatupad ang social distancing sa loob ng tahanan kung may inuman. Ipatutupad pa rin ang curfew hour simula ika-8:00 ng gabi hanggang ika-5:00 ng umaga.
15. MASS GATHERING. Ang mga pagtitipon tulad ng misa, kasal at iba pang kauri nito ay pinahihintulutan kung ang mga dadalo ay hindi lalampas sa limang (5) katao lamang.
16. FACE MASK. Mahigpit pa ring ipinagbabawal sa Bayan ng Bulakan ang mga hindi nagsusuot ng face mask, at ito ay may karampatang multa at pagkakakulong alinsunod sa pinagtibay na ordinansa ng Pamahalaang Bayan.


17. QUARANTINE PASS. Patuloy na ipatutupad ang paggamit ng quarantine pass sa lahat ng barangay sa nasasakupan ng bayan ng Bulakan.

TUNTUNIN 4. Ang sinumang lalabag sa itinakda ng Kautusang ito ay papatawan ng kaparusahang administratibo at kriminal base sa itinakda ng Batas Nasyunal, Republic Act No. 11469 o ang "Bayanihan to Heal As One Act" at mga lokal na Kautusang Bayan.

TUNTUNIN 5. Ang anumang bahagi sa umiiral na mga naunang Batas o Kautusan na salungat dito ay pinawawalang-bisa o iniaakma dito.

TUNTUNIN 6. Ang Kautusang ito ay ipatutupad para sa pangangalaga ng mamamayan habang nasa estado ng COVID-19. At magkakabisa matapos malagdaan ng Punong Bayan.

PINAGTIBAY ngayong ika-16 ng Mayo, 2020 sa Bayan ng Bulakan.



VERGEL C. MENESES
Punong Bayan